

1. Ang Pagbubukas ng Tochigi City Tourism Center na “Kura No Navi”

Noong ika-20 ng Abril nagbukas sa North exit ng Tochigi Station ang Kura no Navi- ang Tourism Center ng lungsod. Ito ay upang magbigay impormasyon sa turismo at iba pang mga atraksyon mayroon ang lungsod ng Tochigi. Ang loob ng gusali ay may mataas na kisame at gawa sa kahoy, may malalaking bintana at maluwang na espasyo na maaring makapag pahinga. May sapat na pamphlets na nagbibigay impormasyon sa mga tanyag na lugar na mapapasyalan at kilalang produkto ng lungsod.

Maliban sa pagbibigay patnubay sa turismo ng Tochigi City meron ding mga exhibits ng mga pangunahing produkto nito at iba pang mga promosyon upang ipakita ang kagandahan ng lungsod.

Kaya sa mga gustong malaman ang impormasyon sa kagandahan ng lungsod ng Tochigi City ay mariing puntahan natin ang Kura no Navi.

2. Ang Pagtatalaga ng Call Center para sa Vaccination ng COVID19.

Sa lungsod ay nag-umpisa na ang reserbasyon para sa pagpapabakuna laban sa COVID19. Ito ay para muna sa mga may edad 65 gulang pataas. Kasunod nito ay mag-uumpisa na rin ang pagbibigay abiso mula sa munisipiyong mga may edad 64 gulang pababa upang magpapabakuna. Ito ay naayon sa supply ng vaccines na ipapamahagi ng national government. Patuloy pa rin ang pagkakaroon ng bakuna para sa lahat ng gustong mabakunahan. Iwasan ang pagpanic at hintayin lamang ang abiso na dumating sa atin. Para sa mga may kahirapang makipag-usap sa nihonggo sa pagkuha ng reserbasyon sa pagpapabakuna ay magtatalaga ng mga taga salin ng ibang wika o interpreter ang call center tulad ng Ingles, Chinese at Espanyol.

Ang wikang Ingles ay may taga salin sa ika-27 ng Mayo at mula Hunyo hanggang Hulyo tuwing Huwebes ala-una hanggang ika-lima ng hapon. Sa wikang Chinese naman sa ika-4 at ika-18 ng Hunyo at ika-2,16 at 30 ng Hulyo mula ala-una hanggang ika-lima ng hapon. Ang taga salin ng wika ng Espanyol ay available sa ika-28 ng Mayo. Ganundin sa ika-9 at 25 ng Hunyo at ika-9 ng Hulyo mula ala-una hanggang alas singko ng hapon.

Sa mga magpapabakuna na kasama sa isang grupo na magpapakansela at iba pang inquiries ay maari ring isangguni sa mga pagkakataon na ito kaya gamitin ang mga araw na may mga taga salin ng salita at tumawag sa telepono.

3. Tungkol sa Medical Check-Up Passport at Medical Check-Up GuideBook

Mula sa Health Promotion Department ng Lungsod ay nagpadala na sa bawat household ng patnubay ukol sa medical check-up ngayong taon. Ito ay nasa loob ng lightblue envelope. Naglalaman ito ng Kenshin Passport o Medical Check-Up Passport ng bawat miyembro ng pamilya na may edad 20 gulang pataas at isang Kenshin o Medical GuideBook para sa buong household.

Ang iskedyul ng group check-ups ay nakasaad din kaya sa mga gustong magpatala ay tumawag lamang at kumuha ng reserbasyon. Marahil ay may mga pagkakataon na mahirap ang pagtawag sa telepono upang kumuha ng reserbasyon sa dami ng gustong magpalista kung kaya sa pamamagitan ng kompyuter o smart phones na lamang kumuha ng reserbasyon sa internet dahil madali lamang ang pamamaraan na ganito.

4. Tungkol sa mga Napapanahon na Bulaklak.

Sa kalagitnaan ng Hunyo hanggang katapusan ng Hulyo ay mamumulaklak na ng matingkad na kulay ang tinatayaang may 2,500 na Ajisai (Hydrangea) sa magkabilang dalisdis ng 1,000 baitang na batong hagdan ng Nature Park ng Mt.Ohira o Ohira San Shizen Koen. Lalo pa itong magandang pagmasdan sa umpisa ng tag-ulan dahil ang nabasang bulaklak ng Ajisai ng ulan ay magandang tingnan.

Ganundin sa Tsuga No Sato sa Tsuga Machi mula sa parehong panahon ng kalagitnaan ng Hunyo hanggang katapusan ng Hulyo sa Hasu Ike nito ay ang pamumulaklak naman ng Hasu o Lotus Flower. Ang bulaklak ng Lotus ay bubuka sa pagsikat ng araw sa umaga at titiklop na naman ito sa tanghali kaya magandang pagmasdan ang mga ito sa oras ng ala sais hanggang alas otso ng umaga.

Sa paligid ng Lotus Pond ay ang mga Ajisai rin na namumulaklak.

Upang maka-iwas sa pagkahawa sa COVID19 ay dapat magsuot ng face mask at iwasan ang pakikipagsiksikan. Palagi pa rin pinapa-alala ang pag-iingat.

Mag-relax paminsan-minsan at pagmasdan ang mga bulaklak na napapanahon.